USDA

Serbisyo sa Kagubatan
KAGAWARAN NG AGRIKULTURA

# San Bernardino National Forest

GABAY SA MGA BISITA 2021-2022





**San Bernardino National Forest Supervisor's Office**
602 S. Tippecanoe Ave.
San Bernardino, CA 92408
(909) 382-2600

**Front Country Ranger District Lytle Creek Ranger Station**
1209 Lytle Creek Road
Lytle Creek, CA 92358
(909) 382-2851

**Mill Creek Visitor Center**
34701 Mill Creek Road
Mentone, CA 92359
(909) 382-2882

**Mountaintop Ranger District Big Bear Discovery Center**
P.O. Box 290
40971 North Shore Dr., Hwy 38
Fawnskin, CA 92333
(909) 382-2790

**San Jacinto Ranger Station**
P.O. Box 518
54270 Pine Crest Ave.
Idyllwild, CA 92549
(909) 382-2921

**Santa Rosa & San Jacinto Mountains National Monument Visitor Center**
51500 Highway 74
Palm Desert, CA 92260
(760) 862-9984

**Mangyaring tumawag para sa mga oras na bukas**

**Para sa TDD/TTY i-dial ang 7-1-1**


## Nilalaman


¡Bienvenidos! ....................................2
Libangan.............................................4
Camping .............................................5
OHV, Pangingisda, Pangangaso, Pamamaril, at Hiking ............................6
Mountain Biking, Pangangabayo at Libangan sa Taglamig............................7
Heritage ..............................................8
Boluntaryo...........................................9
Mapa ng Paligid ng Kagubatan ......10-11
Mga Mapa at Adventure sa Cajon/Arrowhead.........................12-13
Mga Mapa at Adventure sa Cajon/Arrowhead.........................14-15
Mga Mapa at Adventure sa Cajon/Arrowhead.........................16-17
Buhay-ilang ........................................18
Libangan para sa Lahat..........................19
Adventure Pass....................................20


Ang impormasyon sa gabay na ito ay tumpak sa abot ng aming kaalaman at maaaring magbago anumang oras. Tawagan ang lokal na istasyon ng ranger para sa kasalukuyang impormasyon.

## Maligayang Pagdating!

Maligayang pagdating sa San Bernardino National Forest, tahanan ng tinatayang 675,000 ektarya ng maganda at pambihirang pampublikong lupain sa Southern California. Ang pine at alpine na mga bahagi ng kagubatang ito ay mga sky island na naghihiwalay sa Mediteranyong klima ng urbang Katimugang California at mga disyerto ng Mojave at Sonoran. Ang taas ay umaabot sa pagitan ng 610 Metro sa paanan ng mga burol hanggang sa tinatayang 3,505 Metro sa tuktok ng Bundok San Gorgonio.

Dahil sa mga pagbabago sa anyo ng lupa at kapaligiran, ang kagubatan ay tahanan ng malawak na dibersidad ng mga halaman at hayop, kabilang ang maraming may banta o nanganganib. Ang iba-ibang kapaligiran ay nagbibigay rin ng iba't ibang oportunidad sa libangan, mula hiking hanggang mountgain biking, paglalaro ng niyebe hangang skiing, at auto touring hanggang off-road highway na pagmamaneho. Sana ay masiyahan ka sa iyong pagbisita nang ligtas at iginagalang ang lupain.

## Mga Bagong Rutang Binuksan para sa mga OHV at Marami pang Darating

Maaari na ngayong gamitin ng mga nagmamaneho ng mga off-highway na sasakyan (mga OHV) ang tatlong kalsada sa Big Pine Flats sa pagitan ng Big Bear at Apple Valley. Isang seksiyon at dalawang buong kalsada sa sistema ng kagubatan noong 2020 ang na-convert para gamitin ng mga OHV, gaya ng mga ATV, side-by-side, at ilang dirt bike, lahat ng mga ito ay nangangailangan ng sticker ng pagkakakilanlan na ibinigay ng California DMV, na kadalasang tinutukoy bilang isang "green sticker".

Ang mga kalsadang iyon ay 8 Kilometro ng Coxey Road (3N14) at Big Pine Flats Station at Campground Road (3N14F) at Horse Springs Road (4N16A).

"Ang komunidad ng OHV ay humihingi ng mas maraming akses sa lugar na ito at, salamat sa kaloob ng estado at pakikipagtulungan sa ating mga partner, nagawa namin iyon" sabi ni Marc Stamer, district ranger ng Mountaintop Ranger District. "Sana masiyahan ang mga bumabalik at bagong bisita na OHV sa mga bagong karagdagang ito at sa kakayahang manatili sa dalawang campground."

Kabilang sa muling pagtatalaga ng kalsada ang mga pagpapabuting pangkaligtasan para sa iba't ibang paggamit at isa sa tatlong yugto ng mga bagong libangan sa lugar. Binalak para sa huling bahagi ng 2021 o unang bahagi ng 2022 ang mga lugar ng staging o trailering sa interseksiyon ng mga kalsadang Coxey at Holcomb Valley (3N16) bukod sa 11 Kilometro ng mga bagong trail ng OHV. Ang 40 Kilometro ng mga iligal na trail ng OHV ay ire-restore din ng partner ng Kagubatan na Southern California Mountain Foundation.

## Mag-ingat sa Iyong Bilis

Bahagi ng terrain—at ng kasiyahan—ay kung paano lumiliko at kumukurba ang mga kalsada sa buong landscape. Pero maaaring maging mapanganib ito. Isipin ang pagliko nang napakabilis sa kurbada nang hindi nakikita ang kasalubong. Nangyari na ito dati at nais naming tiyaking hindi na ito mauulit. Ang batas an g nagpapatakbo ng iyong inyong sasakyan sa paraang pinahahalagahan ang kaligtasan ng ibang tao. Gawin nating ligtas at masaya ang mga kalsada at trail para sa lahat!

## Kailangan ng Higit pang Impormasyon sa OHV?

Mula sa kung saan pupunta at paano ito gawin nang ligtas at legal, maraming dapat malaman kapag bumibisita sa kagubatan! Puwedeng samantalahin ng lahat ng sasakyang may berdeng sticker ang 282 Kilometro ng mga daanan sa kaparangan. Bukas ang dagdag na 100 Kilometro ng mga motorisadong trail sa mga sasakyang may lapad na hindi lalampas sa 4 Metrong Taas.

Para sa bagong impormasyon sa OHV camping, lugar ng staging, ipinagtutupad na batas, at mga tuntunin sa gawi ng mga rider, magpunta sa https://www.fs.usda.gov/activity/sbnf/recreation/ohv.



## ¡Bienvenidos!

¡Bienvenidos al Bosque Nacional San Bernardino! Con su gran variedad de plantas y animales, el Bosque le ofrece un hermoso paisaje, soledad, y una de las mejores oportunidades recreativas en el Sur de California. Estos terrenos públicos están disponibles para que los disfrute y los cuide.

### ¿Qué es un Pase de Aventura?

NATIONAL FOREST ADVENTURE PASS

El Pase de Aventura es diferente de un pago de entrada, comunmente cobrado por el Estado y Parques Nacionales. Es para uso recreativo, no para entrada en el Bosque. Por lo tanto, no todas las personas que viajan a través del bosque necesitan comprar uno. A pescadores, jinetes, cazadores, excursionistas, campistas y la mayoría de otros usuarios al aire libre se les requiere comprar un pase y exhibirlo en su vehículo cuando se parquéan en el Bosque Nacional para recrearse. De no comprar un pase y exhibirlo en su vehículo, usted puede recibir una multa de $100.

### ¿Dónde se requiere el Pase de Aventura?

U.S. FEE AREA

El Pase de Aventura se require cuando el vehículo está parqueado en algunos sitios designados dentro de las señales requeridas por Rec. Llame la estación de guardabosques más cercana o visite

www.fs.usda.gov/adventurepass.

### Esté Preparado

En el bosque, la altitud oscila entre 2,000 pies cerca del fondo del valle y 11,000 pies en la montaña de San Gorgonio. Las temperaturas pueden variar ampliamente—bien puede estar a 70 grados en Los Angeles y a 40 grados en Big Bear Lake. Puede nevar en casi cualquier mes del año. Se pueden acumular desde 5 hasta 20 pies de nieve en ciertas áreas. No importa cuánta experiencia tenga, siempre averigüe cómo está el clima en las montañas antes de partir.



MANDY BUYAK

MUCHAS FAMILIAS DISFRUTAN DE COMER AL AIRE LIBRE (CAMPESTRE) EN APPLEWHITE PICNIC GROUNDS Y VADEAN EN LYTLE CREEK

Durante el invierno, lleve cadenas para sus llantas dentro de su vehículo y aprenda a instalarlas. Lleve ropa adicional en caso de haber cambios repentinos en el clima. Se requiere chamarra (chumpa), guantes, una gorra y calcetines secos para los paseos en coche durante el invierno. Durante el verano, lleve suficiente agua consigo, especialmente si viaja por los senderos remotos. No es seguro beber agua de los arroyos o lagos en ningún lugar del Bosque Nacional.

DESCUBRE el BOSQUE

Scan this QR code with your mobile device to visit https://www.descubreelbosque.org/

### Acampar

Si lo desea, puede acampar en campamentos que han sido establecidos cerca de los senderos remotos o al lado de senderos para ciclistas. Puede acampar en el desierto, en las alturas del bosque o cerca de un lago. Existen reglamentos especiales para cada uno de estos sitios y la mayoría de los campamentos tienen sus propias cuotas (vea lista en página 3). Asegúrese de llamar o visitar una oficina de Servicios de Bosques al planear su paseo de campamento.

Los incendios de bosque son un problema mayor para el Bosque Nacional San Bernardino. Muchos de estos son causados por el descuido de las personas que van a acampar. Por tal motivo, existen reglas acerca del uso de fuego en los lugares abiertos. En general, se puede hacer una fogata en un campamento ya establecido (uno donde hay agua y se paga una cuota). En los lugares más remotos, se permiten las fogatas solamente durante ciertas épocas del año y se debe obtener un permiso. El personal de las Oficinas del Guardabosques le puede informar acerca de los reglamentos actuales en cuanto a fogatas.

### Día de Campo

Las áreas para día de campo generalmente tienen mesas, estufas o braceros, y escusados cubiertos. Hay agua para tomar disponible en ciertas áreas (página 5). No se le permite pasar la noche en las áreas designadas como áreas para día de campo.

### La Pesca

El Departamento de Pesca y Caza del Estado de California (DFG) mantiene los lagos y arroyos públicos suplidos de peces. Se require una licencia estatal a las personas de 16 años de edad en adelante. Para escuchar una grabación acerca del suplido de peces llame al 562-594-7268. Para obtener más informacion sobre los reglamentos y las licencias llame al (Department of Fish and Wildlife) 909-484-0167 o visite la página web del (DFW) wildlife.ca.gov.

La mayoría de áreas son suplidas con trucha de arco iris durante la época de pezca. También pueden encontrarse trucha café, lobina, pez de agallas azules, y pez gato.

## El Tiro al Blanco

### Como Forma de Recreación

El bosque estuvo cerrado temporalmente para el tiro al blanco en 1997 y 1998 por cuestiones de seguridad pública y para la protección de los recursos. Algunas áreas se han vuelto a abrir en 1999 en tanto se finaliza un plan que abarca el bosque entero. El personal del bosque le pide a las personas que practican el tiro al blanco que respeten las reglas y ayuden en los días de limpieza voluntaria para hacer del tiro al blanco un éxito en el Bosque Nacional.

El Tiro al Blanco es permitido sólo en áreas designadas en el Bosque Nacional San Bernardino. Llame a la estación de guardabosques más cercano para mapas e información detallados sobre los niveles de actividad de incendio para esa área y día. Tiradores tienen prohibido destruir cualquier elemento natural en los bosques nacionales, incluyendo plantas y árboles. No se puede descargar un arma de fuego a 150 yardas de cualquier área desarrollada. Un Pase de Aventura es necesario para la mayoría de las zonas de tiro al blanco en el bosque. Balas con núcleo de acero, balas para perforación de armadura, o munición de teflón no son permitidos. Pistolas de aire suave y pistolas de bolas de pintura no se permiten ser descargados en el bosque. El bosque se encuentra cerrado para el tiro al blanco durante los períodos de alto riesgo de incendios.

### Aprendiendo Más Acerca del Bosque

Puede aprender más acerca de la vida salvaje, las plantas, y la historia del bosque visitando algunos de los muchos lugares de interpretación. Busque este símbolo en los mapas, páginas 10-17. Algunos de estos lugares tienen guías impresos de los senderos, y algunos tienen signos a color por todo el sendero. El “Chaparral Neighborhood Trail” (página 12) cuenta con una guía de un sendero natural de 1/2 milla escrita en español.

Las torres para detectar incendios están abiertas al público durante los meses de verano. Puede subir hasta el tope y disfrutar del paisaje. Usualmente, los voluntarios del bosque están disponibles para contestar sus preguntas. Busque este símbolo en sus mapas.

El “Children’s Forest Trail” (página 13) es un sendero de 3/4 de milla con una guía diseñada y escrita por y para niños. Si lo visita durante el verano, los jóvenes naturalistas le servirán de guía y le contarán más acerca del área. ¡Este es un lugar magnífico para llevar a los niños!

### Usted Puede Ayudar

¡Ayude a cuidar el bosque cada vez que lo visite! Tenga cuidado con el fuego; es algo muy importante que puede hacer. Ponga la basura en su lugar y así ayudará a mantener al bosque luciendo bien. Estacionese y acampe solamente en áreas designadas para ayudar a mantener las demás áreas en su forma silvestre y libres de obstáculos.

Sirva como voluntario en uno de los proyectos del bosque. Los voluntarios ayudan a edificar y construir senderos naturales, a trabajar en los centros para visitantes y en otras áreas públicas, y a presentar programas educativos para el público. Las personas bilingües son de valor especial en las comunicaciones. Los voluntarios también trabajan con biólogos y botanistas para inspeccionar y medir la fauna y la flora. Los voluntarios patrullan las áreas salvajes. Para mayor información acerca del trabajo de voluntario, comuníquese con la oficina general al 909-382-2600 y pregunte acerca del Programa de Voluntarios.

# Bosque National San Bernardino

Guía del Visitante 2021-2022



## ¡Bienvenidos!

Bienvenidos al Bosque Nacional de San Bernardino, hogar de unos 675,000 acres de un hermoso y diverso terreno público en el sur de California. Los bosques de pinos y los alrededores montañosos de este bosque son islas verdes que separan el clima mediterráneo de las zonas urbanas del sur de California de los desiertos de Mojave y Sonora. Con elevaciones que van desde los 2,000 pies en las laderas hasta aproximadamente 11,500 pies en la cima de la montaña San Gorgonio.

Estos cambios en el terreno y en el medioambiente hacen que el bosque sea el hogar de una amplia variedad de plantas y animales, incluidos muchos que están amenazados o en peligro de extinción. Esta amplia gama de medioambientes también brinda una variedad de oportunidades recreativas, desde caminatas hasta ciclismo de montaña, juegos en la nieve y esquí, y recorridos en automóvil o conducción todoterreno. Esperamos que disfruten de su visita, les pedimos que se mantengan seguros y respeten el entorno del bosque.

### Nuevas rutas abiertas para vehículos todoterreno… y más por venir

Los conductores de ciertos vehículos todoterreno (OHV) ahora pueden usar tres carreteras en el área de Big Pine Flats entre Big Bear y Apple Valley. En 2020 una sección y dos carreteras completas del sistema forestal se reconvirtieron para uso de vehículos todoterreno, como ATV, lado a lado y algunas motos todoterreno, todos requieren una calcomanía de identificación emitida por el DMV de California, a menudo llamada «sticker verde».

Estas carreteras son 4.9 millas de Coxey Road (3N14) y Big Pine Flats Station y Campground Road (3N14F) y Horse Springs Road (4N16A).

«La comunidad de OHV ha estado solicitando más acceso en esta área y, gracias a una subvención estatal y al trabajo con nuestros socios, hemos podido hacerlo», dijo Marc Stamer, Guardabosques del Distrito Mountaintop. «Espero que, los visitantes de OHV tanto nuevos como recurrentes, disfruten de estas nuevas incorporaciones y de la posibilidad de alojarse en dos áreas del campamento».

Los rediseños de las carreteras incluyeron mejoras de seguridad para uso mixto, y es la primera de tres fases de nuevas oportunidades de recreación en el área. Para fines de 2021 se ha planificado un área de estacionamiento o remolques en la intersección de las carreteras Coxey y Holcomb Valley (3N16), además de 6.6 millas de nuevos senderos para OHV. El socio del Bosque, Southern California Mountains Foundation, también restaurará 25 millas de senderos ilegales para vehículos todoterreno.



### Vigile su velocidad

Parte del terreno, y de la diversión, es ver cómo las carreteras se doblan y se curvan a lo largo del paisaje. Pero puede resultar peligroso. Imagínese dando la vuelta en una curva ciega a alta velocidad y encontrarse con otro vehículo en la curva. Ya ha sucedido y queremos asegurarnos de que no vuelva a suceder. Por ley debe manejar su vehículo de una manera que tenga en cuenta la seguridad de otras personas. ¡Hagamos que las carreteras y los senderos sean seguros y divertidos para todos!

### ¿Necesita más información sobre OHV?

¡Desde dónde ir y cómo hacerlo de forma segura y legal, hay mucho por saber al visitar el bosque! Todos los vehículos con calcomanías verdes pueden aprovechar las 175 millas de caminos rurales. Además hay 62 millas de senderos motorizados abiertos a vehículos que midan menos de 50 pulgadas de ancho.

Para obtener información actualizada sobre campamentos para OHV, áreas de estacionamiento, leyes vigentes y etiqueta de los pasajeros, visite https://www.fs.usda.gov/activity/sbnf/recreation/ohv; la información en esta página web es solamente en inglés.

# PANGKALAHATANG IMPORMASYON AT MGA PERMIT

## Special Uses Permit at mga Produkto ng Kagubatan

Sa pamamagitan ng programang Special Uses Permit (SUP) sa SBNF, magagamit ng mga bisita ang Forest Lands sa ilalim ng pansamantalang permit para sa ilang layunin, kabilang ang ngunit hindi limitado sa: pagkuha o paggawa ng komersiyal at di-komersiyal na litrato, pelikula, kasal, reunion, malalaking komersiyal at di-komersiyal na grupo (mga festival, showcase, group off road event), mga sporting event tulad ng marathon, cycling, motorisadong off road na karera, atbp. Pinangangasiwaan din ng programang SUP ang halos dalawang dosenang Organizational Camps, 700 Recreation Residence cabin, mga makasaysayang estruktura (mahigit higit 100 taon na ang ilan!) Pinangangasiwaan din ng programa ang lahat ng utility corridor na ginagamit para sa elektrisidad, tubig, sistema ng sewage, fiber optics para sa impormasyon at telepono, at lahat ng cell tower site sa Kagubatan.

I-scan ang QR code na ito gamit ang iyong mobile device para makapunta sa www.fs.usda.gov/main/sbnf/passes-permits/event-commercial

## San Jacinto Ranger District

### Mga Tuktok ng Bundok, Lambak, at Tanawin!

Ang Kabundukan ng San Jacinto ay umusbong mula sa disyerto para bumuo ng isang hanay ng mga sky island. Ang Tuktok ng San Jacinto ay kabilang sa pinakamataas na tuktok sa Katimugang California (3, 302 Metro). Ang Palms to Pines Scenic Highway ay nasa San Jacinto Ranger District, simula sa Palm Desert, patungo sa Idyllwild at kalaunan ay diretso sa hilaga sa Interstate 10. Ang aming Visitor Information Center ay nagbibigay ng impormasyon sa hiking, camping, pangingisda, at iba pang panlabas at lokal na aktibidad. Makukuha rito ang mga kinakailangang permit sa hiking at mga Libreng Area Pass.

### Oras ng Visitor Center

**Sarado sa Miyerkoles at Huwebes**
8:00 am - 4:00 pm
Sarado sa oras ng tanghalian araw-araw 12:00 - 12:30

**Telepono** 909-382-2921

### Lokasyon

54270 Pine Crest Ave.
Idyllwild, CA 92549
Interseksiyon ng Highway 243 at Pine Crest Ave.

**Fax** 951-659-2107

## Mga Kabundukan ng Santa Rosa at San Jacinto National Monument Visitor Center

### Buhay-ilang at mga Ligaw na Bulaklak

Maraming iba't ibang uri ng buhay-ilang na makikita sa SRSJM National Monument mula sa Bighorn Sheep at kuneho hanggang sa iba't ibang uri ng mga ibon at paruparo. Sa tagsibol, samahan kaming silayan mga nakamamanghang ligaw na bulaklak.

### Oras ng Visitor Center

**Sarado sa Miyerkoles at Huwebes**
8:00 am - 4:00 pm
Sarado sa oras ng tanghalian araw-araw 12:00 - 12:30

### Lokasyon

51500 Highway 74
Palm Desert, CA 92260

**Telepono** 760-862-9984
**Fax** 909-382-2921

## Front Country Ranger District

### Lugar ng Chaparral

Bagama't ito ang isa sa mga pinakamababang lugar ng kagubatan, ang Lytle Creek ang sentro ng mga aktibidad bahagi ng Cajon. Sa mga weekend sa tag-araw at mga bakasyon, puno ng mga aktibidad sa piknikan, campground, at mga tabing-ilog.

### Oras ng Visitor Center

**Sarado sa Martes at Miyerkoles**
08:00 - 16:00
Sarado sa oras ng tanghalian araw-araw 12:00 - 01:00

### Lokasyon

1209 Lytle Creek Road
Lytle Creek, CA 92358

**Telepono** 909-382-2851
**Fax** 909-887-8197

## Mill Creek Visitor Center

### Ang Oasis sa Kagubatan

Ihahatid ka ng San Gorgonio Wilderness sa pinakamataas na tuktok (3, 525 Metro). Makikita mo rito ang mga puno, maliliit na lawa, batis, at katahimikan.

### Oras ng Visitor Center

**Sarado sa Martes at Miyerkoles**
08:00 - 16:30
7:00 am - 3:30 pm Memorial Day - Labor Day
Sarado sa oras ng tanghalian araw-araw

### Lokasyon

34701 Mill Creek Rd.
Mentone, CA 92359

**Telepono** 909-382-2882
**Fax** 909-794-1125

## Big Bear Discovery Center

### Ang Lagusan sa Adventure!

Mahigit 250,000 na taunang bisita ang nagpupunta sa Big Bear Discovery Center para sa kapaki-pakinabang na impormasyon sa kagubatan, kabilang ang hiking, pagbibisikleta, at camping, kasama ang pagkuha ng mga permit at pagbili ng mga Adventure Pass. Ang sentro ay magandang lugar para matuto ang pamilya tungkol sa kalikasan, na nagsisimula sa mga libreng may gabay na paglalakad para sa pangunahing pag-unawa sa lokal na mga halaman, buhay-ilang, at mga interesanteng kasaysayan. Paminsan-minsan, may mga ginagabayang pamamasyal ng mga naturalista para sa mga pamilya tuwing Sabado at Linggo para matuto ng tungkol sa ekolohiya, buhay-ilang, at kasaysayan ng Big Bear Valley.

Mula sa mga weekend ng Memorial Day at Labor Day, pinalawak ang mga pampamilyang programa tuwing Sabado at Linggo para magkaroon din ng mas maraming interpretibong programa para sama-samang matuto ang mga pamilya kung paano maging mas responsableng tagapag-alaga at para higit silang masiyahan sa ating Pambansang Kagubatan. Sa gabi, nariyan ang Music in the Mountains, isang serye ng konsiyerto sa tag-araw tampok ang pinakamahuhusay na klasikong musikang rock sa San Bernardino National Forest, pati na rin ang serye ng campfire sa tag-init tampok ang iba't ibang tema ng kalikasan para matuto at masiyahan ang mga pamilya, at mga ginagabayang hiking sa gabi na umaalis mula sa Serrano Campground. Ang Big Bear Discovery Center ay isa ring panlabas na silid-aralan para sa mga paaralan at grupo ng kabataan.

### Bukas sa buong taon

Sarado sa Mar/Miy
909-382-2790

### Lokasyon

Hilagang baybayin ng Big Bear Lake, 5 Kilometro silangan ng Fawnskin

## Children's Forest Visitor Center

### Magandang Pasyalan ng Pamilya!

Nilikha pagkatapos ng Bear Fire noong 1970, ang 3,400 ektaryang lugar ay muling tinaniman ng mga punong may mga pangalan ng mga bata. Ginawa ang unang trail dito noong 1993 ng isang work group ng mga bata mula sa buong bansa. Ang 3⁄4 na milyang interpretive na Trail of the Phoenix, sa tuktok ng Keller Peak Road, ay maaari pa ring ma-hike ngayon. Mayroon ding one-way na 7 Kilometro Exploration Trail. Bukod sa mga oportunidad sa libangan, tampok sa Children's Forest ang Visitor Center, Environmental Education Program, Youth Leadership Volunteer Program, at aktibong programa sa reporestasyon. Ang Children's Forest ay isang lugar kung matututuhan ng mga bata kung paano alagaan ang lupain. Bumisita sa tag-araw upang makita ang mga eksibit sa visitor center na idinisenyo para sa kabataan. May mga lider ng kabataan na handang sumagot sa mga tanong at mamuno sa mga interpretive na programa. May mga aktibidad, tulad ng mga programa sa paaralan/scout, na bukas sa buong taon. Para sa mga detalye ng mga aktibidad pumunta sa: www.mountainsfoundation.org

### Oras ng Visitor Center

Memorial Day - Labor Day
Sabado at Linggo LANG 9 am - 5 pm

### Telepono

909-867-5996 mga Weekend

### Mga Interpretive na Programa

Sabado at Linggo: Lakad-kalikasan na pinangungunahan ng kabataan
Linggo: Mga pampublikong araw ng greenhouse 1-3 pm.

### Lokasyon

Kalahating milya silangan ng Running Springs at Deerlick Fire Station (tingnan ang mapa, pahina 13).

## Nadebelop na Camping

May iba't ibang serbisyo at pasilidad ang mga dinebelop na campground. Karamihan sa mga campground ay bukas sa Mayo at sarado sa Oktubre o Nobyembre. Ang ilan ay bukas sa buong taon (minarkahan ng asterisk * sa talahanayan sa kanan). Maaaring sarado ang lahat ng campground dahil sa mga sunog sa gubat, bagyo, o pagkukumpuni. Tingnan ang lokal na estasyon ng ranger para sa kasalukuyang mga kondisyon.

### Pagpapareserba

Tumawag toll-free: 1 (877) 444-6777

Magpareserba sa web:

**www.recreation.gov**

I-scan ang QR code na ito gamit ang iyong mobile device para makapunta sa www.recreation.gov

*May Bayad ang Reserbasyon*

Ang **National Recreation Reservation Service** ang humahawak ng mga reserbasyon para sa karamihan ng mga campground, ang natitira ay makukuha ng unang dumating. Mag-book nang maaga sa mga holiday weekend. Maaaring mabago ang mga presyo ng campground.

Mas mataas nang bahagya ang bayad kapag holiday weekend. May bayad sa ekstrang sasakyan. May ilang double site sa ilang campground na mas mataas ang singil kaysa mga single site.

### Mga Pampamilyang Campground

Ang mga pampamilyang campground ay karaniwang may vault o flush toilet, fire ring, at/o grills, mesa, at paradahan. May inuming tubig at paliguan kung nakasaad sa talahanayan sa kanan. Lahat ng site ay may maksimum na 8 tao maliban kung iba ang nakasaad.

### Mga Panggrupong Campground

Ang mga panggrupong campgrounds ay puwede sa mga grupo ng 8 hanggang 100 tao. Limitado ang bilang ng mga tao at sasakyan (tungnan ang talahanayan).

## Di-nadebelop na Camping

Ang di-nadebelop na camping ay camping sa labas ng nadebelop na site. Ang di-nadebelop na camping ay mas tahimik at nagbibigay ng "mas awtentikong" karanasan. Pinapayagan ang camping sa malalayong lugar (nakakalat) at mga Yellow Post Site. **Sa lahat ng site, mangyaring mag-pack out at itapon nang wasto ang basura.**

### Malalayong Lugar

Ang malalayong lugar ay mga bahaging malayo sa mga highway and debelopment kung saan pinapayagan ang camping sa mga back-road or trail. Dahil sa panganib ng sunog sa buong taon, hindi pinapaayagan sa malalayong lugar ang mga BBQ na ginagatungan ng kahoy at uling. Puwede ang mga kemikal o propane na kalan kung may libre kang **California Campfire Permit**, na makukuha sa mga estasyon ng mga ranger sa buong California o sa **https://permit.preventwildfiresca.org/** Alamin ang mga kasalukuyang restriksiyon sa apoy sa pinakamalapit na estasyon ng mga ranger. Ang mga pangkalahatang tuntunin para sa malayuang camping ay:

- Magkampo nang hindi bababa sa 61 Metro ang layo mula sa mga bukal, tubig, parang, trails, at mga kalsada sa Kagubatan.
- Ang iyong kampo ay dapat na hindi bababa sa isang-kapat na milya ang layo mula sa itinalagang mga campground, piknikan, trailhead, pribadong ari-arian, o highway.
- Magkampo nang "hindi hindi nakikita" ng iba at huwag silang abalahin.
- Dalhin ang iyong basura at itapon ito nang maayos

### Mga Yellow Post Site

Ang mga Yellow Post Site ay mga libreng campsite sa malalayong lugar sa mga back road o trail kung saan pinapayagan ang mga campfire hangga't nananatili ang apoy sa loob ng itinalagang fire ring at pinapayagan ng mga restriksiyon sa apoy. Ang libreng **California Campfire Permit** ay kinakailangan sa anumang Yellow Post site sa Kagubatan. Ang mga site ay makukuha ng mga unang dumating.

### Mga Campsite sa Ilang

Limitado ang bilang ng mga bisitang pinapapasok sa mga lugar sa ilang. Sa mga weekend ng tag-araw, maaaring mapuno nang maaga ang ilang lugar. Ang mga campsite sa ilang ay mapupuntahan sa pamamagitan ng paglalakad at/o pagsakay sa kabayo lamang, at maaaring mangailangan ng libreng permit, na maaaring ireserba nang hanggang tatlong buwan na mas maaga mula sa lokal na estasyon ng mga ranger. Kapag nag-camping sa ilang, inirerekomenda ang magagaang kalan. Hindi pinapayagan ang mga campfire sa anumang lugar sa ilang sa San Bernardino National Forest.

**Hindi pinapayagan ang mga campfire sa labas ng mga nadebelop na lugar ng libangan sa San Bernardino National Forest.**

## Mga Pampamilyang Campground

| Pangalan | Amenidad | Appr. Taas | Blg. ng Site | Laki ng Espasyo | Araw-araw Bayad sa Site |
|---|---|---|---|---|---|
| **Cajon** (Pg. 12) | | | | | |
| Applewhite* | Maiinom na tubig; 1st Come; De-flush | 1005.54 | 44 | 9.144 | $10 |
| **Arrowhead** (Pg. 13) | | | | | |
| Crab Flats | Maiinom na tubig; Magpareserba; Vault; Bear box | 1889.76 | 27 | 4.57 | $24 |
| Dogwood | Maiinom na tubig; Magpareserba; Paliguan; Hookups; RV dump; De-flush; Bear box | 1706.88 | 87 | 6.70 | $37 |
| Green Valley | Maiinom na tubig; Magpareserba; De-flush; Bear box | 2133.6 | 37 | 6.70 | $26 |
| North Shore | Maiinom na tubig; Magpareserba; De-flush; Bear box | 1615.44 | 28 | 6.70 | $26 |
| **Big Bear** (Pg. 14) | | | | | |
| Big Pine Flat | Maiinom na tubig; 1st Come; Vault; Bear box | 2072.64 | 19 | 9.144 | $26 |
| Hanna Flats | Maiinom na tubig; Magpareserba; Vault; Bear box | 2133.6 | 85 | 10.67 | $30 |
| Holcomb Valley* | 1st Come; Vault; Bear box | 2255.52 | 19 | 7.62 | $24 |
| Horse Springs* | 1st Come; Vault | 1767.84 | 11 | 7.62 | $10 |
| Pineknot | Maiinom na tubig; Magpareserba; De-flush; Bear box | 2133.6 | 47 | 10.67 | $31 |
| Serrano | Maiinom na tubig; Magpareserba; Paliguan; Hookups; RV dump; De-flush; Bear box | 2072.64 | 111 | 16.77 | $37 |
| **San Gorgonio** (Pg. 15) | | | | | |
| Barton Flats | Maiinom na tubig; Magpareserba; Paliguan; RV dump; De-flush; Bear box | 1981.2 | 52 | 16.77 | $33 |
| San Gorgonio | Maiinom na tubig; Magpareserba; Paliguan; De-flush; Bear box | 1981.2 | 54 | 16.77 | $31 |
| Heart Bar | Maiinom na tubig; Magpareserba; De-flush; Bear box | 2103.12 | 89 | 15.24 | $26 |
| South Fork | Maiinom na tubig; 1st Come; Vault; Bear box | 1950.72 | 24 | 9.144 | $26 |
| Wildhorse Eq. | Maiinom na tubig; Magpareserba; De-flush | 2133.6 | 11 | 15.24 | $32 |
| **San Jacinto** (Pg. 16) | | | | | |
| Boulder Basin | Magpareserba; Vault | 2225.04 | 34 | 4.57 | $10 |
| Dark Canyon | Maiinom na tubig; 1st Come; Vault | 1767.84 | 15 | 4.57 | $12 |
| Fern Basin | Maiinom na tubig; Magpareserba; Vault; 1st Come | 1920.24 | 21 | 4.57 | $10 |
| Marion Mtn. | Maiinom na tubig; Magpareserba; Vault; 1st Come | 1950.72 | 24 | 4.57 | $10 |
| Pinyon Flat* | Maiinom na tubig; 1st Come; Vault | 1219.2 | 18 | 4.57 | $8 |

## Mga Panggrupong Campground

| Pangalan | Amenidad | Blg. ng Site | Blg. ng Tao | Blg. ng Sasakyan | Araw-araw Bayad sa Site |
|---|---|---|---|---|---|
| **Arrowhead** (Pg. 13) | | | | | |
| Fisherman's* | Magpareserba; Vault; Hike In Lang | 4 | 8 | 0 | $10 |
| Shady Cove | Maiinom na tubig; Magpareserba; Vault; Bear box | 3 | 30 | 16 | $104 |
| Tent Peg | Magpareserba; Vault | | 30 | 5 | $137 |
| **Big Bear** (Pg. 14) | | | | | |
| Big Pine Flat Eq. | Maiinom na tubig; Magpareserba; Vault | | 25 | 8 | $115 |
| Bluff Mesa | Magpareserba; Vault; Bear box | | 40 | 8 | $137 |
| Boulder | Magpareserba; Vault; Bear box | | 40 | 8 | $137 |
| Buttercup | Maiinom na tubig; Magpareserba; Vault; Bear box | | 40 | 8 | $137 |
| Deer | Magpareserba; Vault; Bear box | | 40 | 8 | $137 |
| Gray's Peak | Magpareserba; Vault | | 40 | 8 | $137 |
| Green Spot Eq. | Magpareserba; Vault | | 25 | 8 | $115 |
| Ironwood | Magpareserba; Vault | | 25 | 5 | $115 |
| Juniper Spring | Magpareserba; Vault | | 40 | 8 | $137 |
| Tanglewood | Magpareserba; Vault; Bear box | | 40 | 8 | $137 |
| **San Gorgonio** (Pg. 15) | | | | | |
| Coon Ck. Cabin | Magpareserba; Vault | | 25 | 10 | $115 |
| Council | Maiinom na tubig; Magpareserba; Vault; Bear box | | 50 | 10 | $225 |
| Heart Bar Eq. | Maiinom na tubig; Magpareserba; Paliguan; De-flush | | 65 | 21 | $291 |
| Lobo | Maiinom na tubig; Magpareserba; De-flush; Bear box | | 75 | 15 | $335 |
| Oso | Maiinom na tubig; Magpareserba; De-flush; Bear box | | 100 | 20 | $445 |
| Skyline | Maiinom na tubig; Magpareserba; Vault | | 25 | 9 | $115 |
| **San Jacinto** (Pg. 16) | | | | | |
| Black Mountain | Magpareserba; Vault | | 100 | 25 | $60-120 |
| Ribbonwd Eq.* | Maiinom na tubig; Magpareserba; Paliguan; De-flush | | 75 | 30 | $120/200 |

- Maiinom na tubig sa site
- RV dump
- Paliguan
- Hookups
- * Bukas buong taon
- Vault na Palikuran
- De-flush na palikuran
- 1st Come/1st Served
- Magpareserba sa www.recreation.gov
- May bear box

## Mga Tuntunin sa Camping

- Alamin sa lokal na estasyon ng mga ranger ang mga limitasyon sa pamamalagi sa camping.
- Pinapayagan ang mga aso sa mga campground, pero dapat ay nakatali sila at kontrolado mo sa lahat ng oras.
- Hindi pinapayagan ang mga kabayo sa mga nadebelop na campground, maliban sa mga itinalagang equestrian campground.
- Ang mga campsite ay dapat na maokupahan sa unang gabi ng iyong pamamalagi.
- Itabi nang maayos ang iyong pagkain - kung mayroon, gumamit ng mga lalagyang kontra oso.
- Panatilihing malinis na kampo at itapon nang maayos ang basura.
- https://lnt.org/why/7-principals/

***Regulado ng California Dept. of Fish & Wildlife (https://wildlife.ca.gov/ or 909-484-0167) ang pangagaso at pangingisda.***

## Pangangaso

Ang pangangaso ay pinahihintulutan sa mga bukas na panahon. Ang mga sikat na game na hayop ay mule na usa, pugong-bundok at lambak, at pabo. Maaari ding manghuli ng mga band-tailed na kalapati, cottontail na kuneho, jack rabbit, at itim na oso. Ang "Predator calling" para sa coyote, soro, at bobcat ay ginagawa sa ilang lugar. Maaaring kailanganin ang Adventure Pass depende sa paradahan.

Anumang hayop na hindi nakalista bilang game na hayop sa California Hunting Regulations ay protektado sa pambansang kagubatan. Mabibili ang mga regulasyon sa mga tindahan ng sporting goods at ranger station. Ang poaching at polusyon ay dapat iulat sa pamamagitan ng pagtawag sa CalTip sa 888-334-2258. Hinihiling sa mga mangangaso na tumulong na maiwasan ang hindi sinasadyang pagkalason sa lead ng mga scavenger sa wildlife. Ibaon ang mga gut pile sa lalim na magpapapahina sa loob ng mga scavenger. Ang mga bala na walang lead ay kinakailangan sa mga lugar ng California Condor—magtanong sa iyong supplier ng bala para sa pinakabagong mga produkto. Dahil sa dami ng matataong lugar malapit sa pambansang kagubatan, sumangguni sa iyong lokal na ranger station o opisina ng Fish and Wildlife para sa mga legal na lugar ng pangangaso. Ang shotgun at bow-hunting ay pinahihintulutan sa halos lahat ng dako maliban sa malapit sa mga mataong lugar.

## Pangingisda

Ang mga pampublikong lawa at batis sa kagubatan ay maaaring regular na i-stock ng California Department of Fish and Wildlife (https://wildlife.ca.gov/ o 909-484-0167). Ang lisensya ng estado ay kinakailangan para sa mga taong 16 taong gulang at mas matanda. Para sa impormasyon ng stocking, tumawag sa 855-887-1275. Karamihan sa mga lugar ay puno ng rainbow trout sa panahon ng pangingisda at maaari ring magkaroon ng bass, bluegill, at hito. Ang Deep Creek at Bear Creek ay batis ng mga ligaw na trout kung saan sila natural na dumarami. Sumangguni sa mga ranger station para sa mga espesyal na regulasyonsa mga lugar na ito.


ROBIN PRINCE

PANGINGISDA SA BIG BEAR LAKE

## Prospecting

Ang pag-prospect, pag-pan ng ginto, pagmimina, at staking ng claim ay pinahihintulutan sa di-appropriated na lupain ng sistema ng National Forest. Sumangguni sa Kawanihan ng Pangasiwaan ng Lupa (BLM www.blm.gov) para sa katayuan ng lupa na nauukol sa mga claim sa pagmimina. Gayundin, alamin sa lokal na ranger station ang mga regulasyon sa paggamit ng Forest Service bago ka magsimulang maghanap. Ang ilang mga lugar ay nangangailangan ng "Abiso ng Layunin" na isusumite sa lokal na ranger station para sa pagsusuri ng district ranger bago magsimula ang mga aktibidad. Kung matukoy ng District Ranger na ang iminungkahing aktibidad ay maaaring magdulot ng malaking kaguluhan sa ibabaw, kakailanganin ng prospector na magsumite ng "Plano ng Operasyon."

Ang pag-detect ng metal upang mahanap ang mga deposito ng mineral tulad ng ginto at pilak sa lupain ng National Forest ay itinuturing na prospecting at pinapayagan sa ilalim ng mga probisyon ng Pangkalahatang Batas sa Pagmimina ng 1872. Ang paghahanap ng mga barya ng kamakailang antigo (mas mababa sa 50 taon) at maliliit na bagay na walang historikal na halaga ay pinapayagan bilang libangan gamit ang hand-held metal detector, hangga't ang paggamit nito ay sa mga lugar na walang makasaysayan o prehistorikong resources. Hindi pinahihintulutan ang paggalugad, paghuhukay at pag-alis ng mga bagay na mayhistorikal o arkeolohikal na halaga.

## Panlibangang Pamamaril

Ang panlibangang (target) na pamamaril ay pinapayagan lamang sa mga itinalagang shooting area at pinapahintulutang target range. Ang mga tagabaril ay ipinagbabawal na sirain ang anumang likas o likhang-tao bagay sa pambansang kagubatan, kabilang ang mga halaman at puno. Ang baril ay hindi maaaring paputukin sa tawid ng kalsada o yamang-tubig ng National Forest System, o sa anumang paraan o lugar kung saan may mga tao o ari-ariang maaaring tamaan o pinsala bilang resulta ng naturang pagpapaputok. Kailangan ng Adventure Pass sa ilang shooting area sa Kagubatan. Dahil sa mga panganib ng pagsisimula ng sunog, maaaring hindi pinapayagan ang ilang uri ng bala o baril. Dapat tawagan ng mga tagabaril ang pinakamalapit na ranger station para sa impormasyon tungkol sa antas ng aktibidad ng sunog para sa lugar at araw na iyon. Maaaring sarado ang Kagubatan sa lahat ng target na pagbaril sa panahong may malaking panganib ng sunog. Alamin ang Project Activity Levels (PALS) bago dumating sa pamamagitan ng pagtawag sa 909-382-2997.

***Para sa karagdagang impormasyon sa mga regulasyon ng baril, bisitahin ang website ng California Dept of Justice Bureau of Firearms oag.ca.gov/firearms***

## Mga Sasakyang Off-Highway

Ang Heaps Peak Arboretum ay isang natatanging 40 ektaruang oasis na matatagpuan sa 1, 829 Metro sa San Bernardino Mountains. Damhin ang pagkakaiba-iba ng botanikal na hardin ng mga katutubong halaman at puno. Ang mga hardin na pangdispley ay may higit sa 30 species na may nakalagay na mga palatandaan. Makikita ang mga halamang puwede at hindi puwede sa tagtuyot. Nag-aalok ang arboretum ng ideyal na setting para sa mga maliliit na bata para ma-enjoy ang kagubatan at maranasan ang kalikasan kasama ang kanilang mga magulang. May mga mesa para sa piknik at mga tapunan ng basura.

Ang arboretum ay bukas sa buong taon. Ang Forest information booth na may tauhan ng mga boluntaryo ay karaniwang bukas sa Sabado at Linggo mula 11:00 a.m. hanggang 3:00 p.m. sa maiinit na buwan. Libre ang pagpasok. Kailangan ng Adventure Pass o Interagency Pass. Mabibili ang $5.00 araw-araw na pass sa Arboretum kapag bukas ang Information Booth.

**Mga Direksiyon mula Highland sa Highway 330:** Tahakin ang Highway 18 pakanluran tungong Arrowhead sa loob ng 7 Kilometro. Nasa kanan ng highway ang Arboretum.

**Distansiya at Hirap:** 1 kilometers ang Heaps Peak Arboretum Trail, Madali.

2 Kilometro loop ang Sequoia Trail, Madali.

**Punto ng Interes:** May mga ginagabayang paglilibot ng Sequioa Trail kapag hiniling. Puwede ang mga asong naka-leash.




## Gabay sa mga Trail (Interpretive)

Ang **Woodland Trail** ay 2 Kilometro daanan sa kakahuyan sa hilaga ng Big Bear Lake. Ang trailhead ay 5 minutong maneho sa silangan ng Discovery Center. May makukuhang libreng gabay na sinulat ng mga boluntaryo sa Big Bear Discovery Center. Kailangan ng Adventure Pass.

Ang **Baldwin Lake Ecological Reserve** ay 0.9 Kilometro interpretive loop. Ito ay natatanging lugar na kilalang tahanan ng mataas na konsengtrasyon ng mga pambihirang species ng halaman. Makukuha ang mga gabay sa trail sa Big Bear Discovery Center.

Ang **Champion Lodgepole Pine Trailhead** sa timog ng Big Bear Lake ay 45 minutong maneho na may magandang tanawin mula sa Discovery Center (kabilang ang 30 minutong matagtag na daanan). Ang 0.8 Kilometro trail ay diretso sa pinakamalaking lodgepole pine sa buong mundo!

## Big Bear Adventures

### Mga Lugar na may Bayad

**Mga Piknikan**

- Aspen Glen
- Grout Bay
- Juniper Point
- Meadows Edge

**Hiking Trailheads**

- Cougar Crest 1E22
- Grays Peak 1W06
- Pineknot 1E01
- Woodland 1E23

**Mga Himpilan ng Off Highway Vehicle (OHV)**

- Cactus Flats

**Lugar ng Target Shooting**

- Big Pine Flats (3 sites)
- Lightning Gulch
- Arrastre (2 sites)

## Adventure 4

### Skyline

Ang Skyline Trail ay isang multi-use trail na idinisenyo para sa mga hiker, mountain biker at equestrian rider. Dinisenyo ito para maging backbone ng isang sistema ng South Shore trails na may mga koneksiyon sa mga umiiral at panghinaharap na trail.

Nagsisimula ang trail na ito sa interseksiyon ng Forest Service Roads (Skyline) 2N10 at (Radford Truck Trail) 2N06. Ang cross-country trail na ito ay may kombinasyon ng mahahabang stretch, switchback, at descent, na mae-enjoy ng lahat ng grupo. May mga walang kapantay na tanawin ng mga lambak, Kaya pambihira ang karanasang nakukuha sa trail na ito.

**Mga direksiyon:** Sa Highway 38 sa pagitan ng Fawnskin at Discovery Center, pumahilaga sa Forest Road 2N09. Magiging Polique Canyon Road ito at sasanib sa Forest Road 3N16, ang Gold Fever Trail. Magpapatuloy ang ruta sa silangan at tatagos sa hilagang dulo ng Baldwin Lake.

**Distansiya:** 25 Kilometro
**Hirap:** Medyo Mahira

## Adventure 5

### Cougar Crest

Para sa pinakamagandang tanawin ng Big Bear Lake, dumaan sa maikling trail na ito sa kahabaan ng tagaytay ng Bertha Peak. Bahagyang umaakyat ang trail sa Pinyon Pines, Junipers, at nakakalat na Jeffrey Pines. Pagkaraan ng dalawang milya, sasalubungin nito ang Pacific Crest Trail (PCT). Maaari kang magpatuloy sa PCT nang halos 64 Kilometro sa pamamagitan ng lugar ng Big Bear!

**Mga direksiyon:** Ang Cougar Crest Trailheaday nasa Highway 38, 3.7 Kilometro silangan ng Fawnskin. Kailangan ng Adventure Pass.

**Distansiya at Hirap:** Tatlo Kilometro papuntang junction sa Pacific Crest Trail; 1.5 oras. Medyo nakakapagod ang trail—magdala ng maraming tubigr!

**Panahon:** Buong taon. Ang slope na nakaharap sa timog ay madalas na walang niyeba kapag taglamig.



TANAWIN NG BIG BEAR LAKE

## Adventure 6

### Alpine Pedal Path

Ang Alpine Pedal Path ay isang sementadong landas sa kahabaan ng hilagang baybayin ng Big Bear Lake. Maglakad sa gilid ng tubig, pagkatapos ay sa kahabaan ng bukas na parang at sa wakas ay dumaan sa isang pine at juniper tree stand. Ang trail na ito ay partikular na nilikha para sa non-motorized na paggamit para sa mga pedestrian, nagbibisikleta, jogger at stroller.

Noong 2016, sa pamamaghitan ng pagtutulungan ng Mountaintop Ranger District, City of Big Bear Lake, Big Bear Municipal Water District, at Southern California Mountains Foundation, natapos at napalitan ang dalawang tulay.

**Mga direksiyon:** Pumarada sa mga piknikan ng Juniper Point o Meadow's Edge (kailangan ng Adventure Pass) o sa Stanfield Cut-off sa hilagang baybayin ng Big Bear Lake.

**Distansiya at Hirap:** 4 Kilometro, 1-2 oras, madali, minimal na elevation gain.

**Panahon:** Buong taon




# Adventure 7

## San Gorgonio Wilderness Hike

Isang oasis sa dagat ng sangkatauhan, niyayakap ng San Gorgonio Wilderness ang tuktok ng San Bernardino Mountains, ang pinakamataas sa Southern California. Sa loob ng mga hangganan nito ang 59,000 ektarya ng mga puno, maliliit na lawa, at malalaking tigang na dalisdis. Ang pinakamataas na rurok, ang San Gorgonio, ay umaabot sa 3, 505 Metro at ito ang sentro ng Sand to Snow National Monument, na nilikha noong 2016.

Kailangan ng libreng permit para makapasok sa ilang. Ang mga permit ay maaaring makuha nang personal sa Mill Creek Visitor Center, Barton Flats Visitor Center (bukas Huwebes-Linggo sa tag-init lang), at Big Bear Discovery Center. Maaari ka ring humiling ng aplikasyon ng permit online sa www.sgwa.org hanggang tatlong buwan nang maaga. Ang mga permit ay ibinibigay batay sa quota. Kapag napunan na ang pang-araw-araw na quota para sa isang trailhead, hindi na magbibigay ng karagdagang permit para sa lugar na iyon.




Ang mga sikat na trailheads ng kagubatan ay ang Vivian Creek, Momyer Creek, Forsee Creek at San Bernardino Peak. May makukuhang mapa ng kagubatan sa mga ranger station at mga sentro ng bisita. Maaari kang mag-hike nang ilang oras o isang linggo. Tiyaking makakuha ng payo mula sa kawani ng Forest Service habang pinaplano ang iyong biyahe.

**Mga direksiyon:** Karamihan ng mga trailhead ay nasa lugar ng Barton Flats a Forest Falls.

**Distansiya at Hirap:** Katamtaman hanggang nakakapagod ang mga trail sa Wilderness. Ang mga gabay sa paglalarawan ng mga trail na may impormasyon sa taas ay makukuha sa Mill Creek at Barton Flats Visitor Centers. Ang mga Gateway sa Sand to Snow National Monument ay ang Vivian Creek at Momyer Creek trails. Ang Vivian Creek Trail ang pinakamaikli at pinakamatarik na ruta patungo sa tuktok ng Mount San Gorgonio. Ang trail ay parehong mapaghamon at mapanganib, depende sa mga kndisyon, at sa iyong kakayahan: 30 Kilometro round trip at 5,300' na pagtaas. Ang Momyer Creek Trail ay mas mahabang ruta patungo sa San Gorgonio peak: 42 Kilometro round trip at 6,062' na pagtaas. Ang parehong mga trailhead ay matatagpuan malapit sa Forest Falls.

**Panahon:** Pinakamagandang mag-hike sa Hunyo hanggang Oktubre. Ang mga trail ay natatakpan ng niyebe, madalas ay madulas at mapanganib, sa mga natitirang bahagi ng taon. Maaaring mas matagal na walang niyeba ang ilang trail sa mga slope na nakaharap sa timog. Laging magtanong sa ranger station para sa mga kondisyon ng trail.

I-scan gamit ang iyong mobile device para makapunta sa aming webpage

## Mga Trail Guide

Ang **Whispering Pines** ay .8 Kilometro trail na idinisenyo lalo na para sa mga grupo ng paaralan at kampo sa kahabaan ng Highway 38 kanluran ng Barton Flats. Ang gabay sa mga trail ay sumusunod sa kurikulum ng agham ng California para sa mga mag-aaral sa elementarya. Kasama sa gabay ang listahan ng ibon at isang susi sa pagtukoy ng mga puno. Maaaring mabili ang gabay sa trailhead, sa Mill Creek Visitor Center, o sa Barton Flats Visitor Center (bukas lamang sa tag-araw). Kailangan LAMANG ang Adventure Pass sa panahon ng snow play/recreation.

## Punto ng Interes

Ang **Greyback Amphitheater** ay magkakaroon ng mga programa sa Sabado ng gabi sa pangunguna ng San Gorgonio Wilderness Association. Ang mga programa ay tatakbo mula sa katapusan ng linggo ng Memorial Day hanggang sa katapusan ng linggo ng Labor Day. Para sa karagdagang impormasyon makipag-ugnayan sa Mill Creek Visitor Center, Huwebes - Lunes sa 909-382-2882.

Ipinapakita ng **Jenks Lake panels** ang buhay ni Captain Jenks at ang kaniyang paglikha sa lawa. Sundan ang sementadong Jenks Lake Rd. sa Hwy 38 sa Barton Flats. ($5 bayad sa parking; Ang mga Adventure Pass ay **hindi** tinatanggap dito.)

Inilalarawan ng mga panel ng **Barton Flats Visitor Center** ang mga Serrano Indian, maagang pagrarantso, at ang simula ng pagbuo ng libangan sa lugar.

Ang **Ponderosa Vista** ay isang maikling (0.5 Kilometro) na daan patungo sa magandang viewpoint kung saan matatanaw ang Santa Ana River Valley. Ang mga panel ay naglalarawan ng wildlife, mga puno, at kasaysayan ng lugar. Ang trailhead ay nasa tapat ng highway mula sa Whispering Pines Trail. Kailangan LAMANG ang Recreation Pass sa panahon ng snow play/recreation.

Ang interepretive na mga panel ng **Santa Ana River** sa kahabaan ng ilog sa hilaga ng Barton Flats ay nagpapakita ng mga halaman at hayop na umaasa sa ilog, kabilang ang mga insekto at isda na nakatira sa tubig. Sundin ang Glass Road palabas ng Barton Flats nang 4 Kilometro papunta sa River Road. Lumiko sa kanan at pumunta ng .8 Kilometro sa isang karatula. Pumarada sa unang malaking turnout at maglakad papunta sa ilog

Tampok sa mga panel ng **Thurman Flats Picnic Area** ang Thurman Flats Picnic Area ang mga migratory bird na bumibisita sa lugar na ito sa kahabaan ng Mill Creek.ek. Kinakailangan ng Recreation Pass.




Ang lugar ng San Jacinto at Santa Rosa ay kilala sa malaking kaibahan ng mga tanawin. Ang subalpine forest ng pine at fir ay hindi malayo sa barrel cactus at palm trees ng disyerto. Makikita ng mga namamasyal ang maraming tanawin ng mga patag na lupain at makukurbang burol, pati na rin ang mababatong tuktok na pumapailanglang sa maliit na nayon ng Idyllwild.

Bagama't silangan-kanluran ang haba ng San Bernardino Maountains, ang bulubunduking ito ay may habang hilaga-timog din. Ang San Jacintos ay ang backdrop ng Palm Springs at iba pang mga komunidad sa disyerto sa hilaga at silangan, Hemet sa kanluran, at Anza Valley sa Timog.

Ang pinaghalong pribado, county, estado, at pederal na pasilidad ay nagbibigay ng mga serbisyo sa mga bisita sa buong taon. Nag-aalok ang County Nature Center (951-659-3850) ng impormasyon at mga eksibit sa hilaga lamang ng Idyllwild. Ang State Park Ranger Station (951-659-2607) ay nagbibigay ng mga permit sa ilang.

Ang Forest Service Ranger Station, sa downtown Idyllwild sa Pine Crest Avenue at Highway 243 (909-382-2921), ay nagbebenta ng mga libro at mapa at nagbibigay din ng mga permit sa Wilderness. Ang Santa Rosa at San Jacinto Mountains National Monument Visitor Center (760-862-9984) ay matatagpuan sa 51500 Hwy 74 sa Palm Desert, 6 Kilometro sa timog ng Hwy 111. Ang pasilidad na ito ay magkasamang pinamamahalaan ng Bureau of Land Management at ng Forest Serbisyo. Nagtatampok ito ng mga interpretive na pagpapakita at impormasyon tungkol sa mga pagkakataon sa paglilibang sa National Monument, isang hardin ng katutubong halaman, mgaginagabayang hike, mga lektura at isang gift shop.


BRAD ELLIS

TANAWIN NG TAHQUITZ PEAK AT LILY ROCK MULA SA SUICIDE ROCK

## Adventure 8

### Palms to Pines Scenic Drive

Sundin itong itinalagang National Scenic Byway mula Palm Desert hanggang Banning Pass. Ang 108-Kilometro na ruta ay naglalakbay mula sa oasis ng disyerto patungo sa mga bundok na nababalutan ng niyebe. Maraming mga pull-off sa tabing daan na may mga interpretive panel ang naglalarawan ng buhay ng mga naunang naninirahan sa mga bundok, wildlife, at ang epekto ng apoy sa landscape ng bundok.

**Mga direksiyon:** Tahakin ang State Highway 74 timog ng Palm Desert (taas 75 Metro). Sundan ang 74 hanggang sa disyerto sa gilid ng bundok, sa pamamagitan ng Garner Valley hanggang sa Mountain Center. Dumaan sa State Highway 243 patungo sa Idyllwild (taas 1,616 Metro). Ang Scenic Byway ay nagpapatuloy sa gilid ng bundok, sa pamamagitan ng kagubatan at chaparral at pagkatapos ay bumaba sa Banning sa San Gorgonio Pass sa 716 Metro.

**Distansiya at Oras:** Mula sa Palm Desert hanggang Banning ay 108 Kilometro, ngunit magplano ng hindi bababa sa 2 oras para ma-enjoy ang lahat ng mga tanawin. Ang isang round trip mula sa Palm Desert ay humigit-kumulang 177 Kilometro at 2 hanggang 3 oras.

**Mga Panahon:** Ang mga highway ay bukas sa buong taon, pero maaaring makahadlang ang niyebe sa paglalakbay sa taglamig. Tiyaking suriin ang lagay ng panahon sa bundok bago simulan ang iyong paglalakbay.

**Punto ng Interes:** Interpretive site ng Cahuilla Tewanet, Garner Valley, Lake Hemet, San Jacinto peak, Idyllwild, County Visitor Center, Lake Fulmor, mga interpretive panel ng Indian Vista, mga tanawin ng Banning Pass, San Andreas Fault, at San Gorgonio Wilderness, Santa Rosa at San Jacinto National Monument.

## Adventure 9

### Humber Park Devils Slide Trail at Ernie Maxwell Trail

Ang dalawang trail na ito ay nagsisimula sa Humber Park trailhead. Ang Ernie Maxwell Scenic Trail ay matatagpuan sa ibaba ng Humber Park. Ito ay isang madaling 4.18 Kilometro trail na nagsisimula sa 10,300 Kilometro. Habang tumatawid sa mga batis sa daan, bababa ka ng 213 meters habang nae-enjoy mo ang paglalakad na ito sa kakahuyan na may mga tanawin ng Suicide Rock. Matatagpuan ang Devils Slide Trail sa tuktok ng Humber Park. Ang medyo nakakapagod na trail na ito ay tumataas nang 4 kilometers mula sa Humber Park hanggang Saddle Junction. Nagsisimula ang trail sa 1,951 Kilometro. Habang naglalakad ka sa kahabaan ng maraming switchback, masisiyahan ka sa malalayong tanawin, kaya hindi gaanong kapansin-pansin ang pagtaas nang 549 Metro. Mula sa Saddle Junction, ang mga nagkokonektang trail ay humahantong sa San Jacinto Peak (3,302 Metro), Palm Springs Aerial Tramway (2,596 Metro), at Tahquitz Peak Fire Lookout Tower (2,696 Metro). Ang isang araw na paggamit ng permiso sa kagubatan ay kinakailangan at limitado ang grupo ninyo sa maksimum na 12 tao. May 30 permit lang ang tuwing Sabado at Linggo mula sa katapusan ng linggo ng Memorial Day hanggang sa weekend ng Labor Day dahil sa dami ng tao. Ang Humber Park ay isang lugar na may bayad at nangangailangan ng Adventure Pass o Interagency Pass. Ang mga mountain bike ay hindi pinapayagan sa ilang o sa Ernie Maxwell Trail.

**Mga direksiyon:** Magmaneho sa Idyllwild sa Highway 243 mula sa Interstate 10 sa Banning, o sa Highway 74 pataas mula sa Palm Desert. Pagdating mo sa Idyllwild, lumiko sa silangan sa North Circle Dr. (ito ang sentro ng bayan) at tumuloy sa hilaga ng isang milya hanggang sa marating mo ang South Circle Dr. Dito ka liliko sa kanan. Dumaan sa unang kaliwa sa Fern Valley Rd. Ang Humber Park ay nasa dulo ng kalsada. Pinapayuhan kang tumawag o huminto sa San Jacinto Ranger Station upang makuha ang pinakabagong mga kondisyon ng trail bago tumungo sa Humber Park.




## Punto ng Interes

Ang **Indian Vista** ay isang Scenic Viewpoint mga tatlumpung metro mula sa Highway 243, 15 Kilometro sa hilaga ng Idyllwildd. Ipinapaliwanag ng mga interpretive panel ang papel ng apoy sa landscape.

Ang **Alandale Fire Station** ay isang tahimik na tabing daan na pull-off sa Hwy 243 na may mga panel na naglalarawan sa wildlife na naninirahan sa mga puno ng oak.

Ang **Cahuilla Tewanet** ay timog ng Idyllwild sa Hwy 74. Sa magandang tanawing ito, inilalarawan ng mga karatula ang kultura ng mga lokal na Katutubong Amerikano. Ang maliliit na karatula sa isang landas ay tumutukoy sa mga halaman sa disyerto at kung paano sila ginamit ng Cahuilla.


TOM IRACI

TANAWIN NG MT. SAN GORGONIO FROM SAN JACINTO

## Adventure 10

### Santa Rosa Mountain

Para sa isang tunay na backcountry adventure, tahakin ang mabatong Santa Rosa Road upang maabot ang kagandahan at katahimikan ng pinakamataas na bahagi ng Santa Rosa Mountains. Makakakita ka ng ilang yellow post campsite, mga pagkakataon sa hiking, at mga nakamamanghang tanawin sa mga lambak ng Palm Canyon, Coachella, at Anza. Makikita mo ang anim na uri ng conifer, kabilang ang limber pine na matatagpuan lamang sa pinakamataas na tuktok. Ang mule deer, bobcats, gray fox, tree squirrels, Stellar's jay, at Cassin's finch ay ilan sa maraming species ng wildlife na matatagpuan dito.

**Mga direksiyon:** Mula sa Highway 111 sa Palm Desert, magmaneho sa Timog sa Highway 74 humigit-kumulang 32 Kilometro, o mula sa Highway 371 junction sa Highway 74, magmaneho sa Silangan ng 8 Kilometro, hanggang sa Santa Rosa Mountain Road (Forest Road 7S02).

**Distansiya at Oras:** Ang Santa Rosa Road (7S02), ay isang hindi sementadong kalsada na hindi madalas na graded. Ito ay mabagal sa 16 Kilometro papunta sa Santa Rosa Peak. Nagtatapos ang kalsada bago ang Toro Peak. Maglaan ng 2 - 3 oras na round-trip para sa oras ng pagmamaneho. Ang four-wheel drive, mga high clearance na sasakyan ang pinakaangkop sa kalsadang ito. Ang kalsadang ito ay madalas na sarado kapag taglamig. Tumawag sa 909-382-2921 para sa mga kasalukuyang pagsasara at kondisyon ng kalsada bago ang iyong biyahe.


LAKE FULMOR

## Adventure 11

### Thomas Mountain Backroad Drive

Kung gusto mong bumaba sa mga pangunahing kalsada, subukang magmaneho sa Thomas Mountain (6S13) malapit sa Garner Valley. Si Charles Thomas ay nanirahan sa Garner Valley noong kalagitnaan ng 1880s at nagpalaki ng Mexican longhorn na baka at 12 bata. Binili niya ang kanyang lupa mula sa mga Cahuilla Indian at kalaunan ay ibinenta ito sa San Bernardino stockman na si Robert Garner.

**Mga direksiyon:** Mula sa Idyllwild, dumaan sa Highway 243 timog hanggang Highway 74. Magpatuloy sa 74 (papunta sa Palm Desert). Lampas lang sa Lake Hemet, kumanan sa Thomas Mountain Road (Forest Road 6S13). Sundin ang kalsada nang walong milya patungo sa tuktok. Para makabalik, maaari kang magpatuloy sa timog-silangan sa kalsada pababa. Pagkatapos ng 16 Kilometro, muli kang makakarating sa Highway 74.

**Distansiya at Oras:** Ang round trip mula sa Idyllwild ay humigit-kumulang 72 Kilometro, kabilang ang 29 Kilometro sa isang durt road. Asahan na aabutin ng 2 hanggang 3 oras para sa pagmamaneho.

**Punto ng Interes:** Ang maruming kalsada ay paakyat sa chaparral at pine forest. Ang mga tanawin mula sa kalsada ay nakamamangha. Sa ibaba ay Lake Hemet, sa silangan ay ang San Jacinto Range, at sa isang maaliwalas na araw ay makikita mo ang Mount Palomar.


PALMS TUNGONG PINES

*Bonnie Adkins*

## Igalang ang Lahat ng Wildlife

Lahat ng wildlife ay may potensiyal na maging mapanganib. Huwag lumapit, makipag-ugnayan, hawakan, o pakainin ang mga ligaw na hayop. Pahintulutan silang gawin ang kanilang pang-araw-araw na gawain, paghahanap ng pagkain, at pagbabantay sa mga mandaragit o madaragit, nang hindi naaabala ng mga bisita.

### WILDLIFE + DISTANSIYA = KALIGTASAN pareho ng tao at ng wildlife!

Para sa iyong kaligtasan at ng mga hayop sa kagubatan, mangyaring sundin ang mga simpleng panuntunang ito:

- Ang mga bata ay dapat manatiling malapit sa mga magulang at dapat laging nakikita.
- Huwag kailanman magpa-pose ng isang bata para sa isang larawan kasama ang isang mabangis na hayop, kahit na ito ay mukhang maamo.
- Huwag kailanman lalapit sa wildlife, lalo na sa tila inabandonang mga sanggol na hayop.
- Huwag subukang pakainin, himasin, o hulihin/hawakan ang mga ligaw na hayop.
- Panatilihing kontrolado ang mga alagang hayop sa lahat ng oras.
- Palaging panatilihing malinis ang kampo. Panatilihing magkasama ang iyong gamit, bawasan ang espasyo na iyong inookupahan.
- Panatilihing walang pagkain at amoy ang iyong tulugan, tolda, at supot.
- Linisin ang mga barbecue grill at itabi ang mga ito upang hindi ito pakialaman ng mga oso at iba pang wildlife.
- Huwag iwan ang pagkain, inumin, o cooler nang walang bantay.
- Mag-imbak ng mga pagkain upang hindi makuha ng mga oso at iba pang mga hayop kapag wala ka sa kampo.
- Kung mayroon, gumamit ng bear proof na mga locker ng imbakan ng pagkain at mga lalagyan ng basura.
- Kung may lumapit sa iyong oso o leong bundok, umatras at panatilihin ang isang ligtas na distansiya; wag kang tumakbo; sa halip ay harapin ang hayop, gumawa ng ingay at subukang magmukhang mas malaki hangga't maaari.
- Tingnan o kunan ng larawan ang wildlife mula sa trail o observation area.
- Gumamit ng mga binocular, spotting scope, at telephoto lens para makakita nang mas malapitan.
  Para sa karagdagang impormasyon sa ligtas na pakikipag-ugnayan sa wildlife, mangyaring bisitahin ang website na ito: **https://bebearaware.org/**

## Mga Nanganganib na Species

Ang San Bernardino National Forest ay tahanan ng ilang uri ng halaman at hayop na bihira o hindi karaniwan at makikita lang ang mga ito sa limitadong bilang dahil sa isang partikular na uri ng tirahan, tulad ng mga parang o sapa, ilang uri ng lupa, o sa loob ng isang makitid na hanay ng distribusyon. Ang kagubatan ay tahanan ng humigit-kumulang 20 species ng halaman at humigit-kumulang 15 species ng wildlife na nakalista bilang nagbabadyang manganib o nanganganib sa ilalim ng pederal na Endangered Species Act. Bilang karagdagan, ang kagubatan ay may humigit-kumulang 95 species ng halaman at 45 species na nakalista bilang sensitibo o inaalalang species ng Pacific Southwest Region ng U.S. Forest Service.

Para sa higit pang impormasyon sa mga bihira at hindi pangkaraniwang species na ito, bisitahin ang mga sumusunod na website:

Para sa mga species na nakalista sa ilalim ng federal Endangered Species Act

**https://www.fws.gov/**

Para sa mga species na protektado ng Estado ng California

**https://www.wildlife.ca.gov/Conseration/CESA**

Ang ilang lugar sa kagubatan ay sarado para sa proteksiyon ng mga species ng hayop, bisitahin ang link sa Current Forest Orders sa

**https://www.fs.usda.gov/detail/sbnf/home/**

Know Before you Go
SAN BERNARDINO NATIONAL FOREST
Check The Current Forest Use Guidelines
(909) 382-2600
www.fs.usda.gov/sbnf

## Pagmamasid ng Ibon



Naiisip mo ba ang isang konsiyerto ng mahigit isang milyong naglalakbay na mang-aawit? Manood ng pagtatanghal sa umaga ng tagsibol o tag-araw sa San Bernardino National Forest. Ang mga migranteng songbird ay humihinto dito para magpahinga sa mga puno, parang, sapa, at lawa. Ang ilan ay nananatili sa pugad at nagpalipas ng tag-araw habang ang iba ay nagpapatuloy sa hilaga. Ang mga neotropical (New World) na mga migrante ay bumalik sa Mehiko, Sentral, at Timog Amerika sa taglagas. Kasama sa grupong ito ang mga pamilyar na ibon gaya ng mga oriole, hummingbird, swallow, thrush, warbler, vireo, at tanager.

Kamakailan, ang tagsibol ay naging kapansin-pansing mas tahimik. Ang bilang ng mga migrating na ibon ay bumaba, dahil sa pagkasira ng natural na tirahan sa mga lugar ng pag-aanak, sa mga ruta ng migrasyon, at sa mga lugar ng taglamig. Ang pambansang kagubatan na ito ay isang himpilan lamang sa paglilibot sa mundo. Mahalagang kilalanin at protektahan ang mga lugar na ginagamit ng mga ibon.

Ang pinakamagandang lugar para panoorin ang mga migranteng ibon ay sa tabi ng mga batis at iba pang lugar na maraming halaman at insekto. Ang Thurman Flats Picnic Area ay kilalang pahingahan ng mga ibon. Sumangguni sa Birds of San Bernardino National Forest para sa mga listahan ng mga karaniwang makikitang species sa sumusunod na website:
**www.fs.usda.gov/Internet/FSE_DOCUMENTS/fseprd535844.pdf**

I-scan ang QR Code na ito gamit ang iyong mobile device para nakapunta sa https://www.fs.usda.gov/Internet/FSE_DOCUMENTS/fseprd535844.pdf

Ang pagmamasid ng mga ibon ay isinasagawa sa buong taon ng San Bernardino Valley Audubon Society. Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang San Bernardino County Museum sa **909-307-2669**.

## Katutubong Hayop o Halaman - o hindi?

Ang mga species ng halaman at hayop ay ionvasive kapag hindi sila katutubo sa lugar kung saan sila matatagpuan at maaaring magdulot ng pinsala sa kapaligiran, ekonomiya, o tao. Ang ilang halimbawa ng invasive na species ng halaman ay: Spanish broom, English ivy, yellow star thistle, tamarisk o salt cedar, trees of Heaven, at Himalayan blackberry. Ang ilang halimbawa ng mga invasive na species ng hayop ay: bullfrog, goldpis, at mabangis na alagang hayop na inilabas sa ligaw (mga aso, pusa, at baboy).

Ang mga tao ang pangunahing dahilan ng pagpasok ng mga invasive species. Makakatulong tayo na maiwasan ang pagkalat. Narito kung paano:

- Maging maalam: Alamin ang tungkol sa mga invasive na species sa iyong heyograpikong lugar.
- Maging matalino sa hardin: magtanim ng mga katutubong species para palitan ang mga invasive na species.
- Maging maingat: hanapin ang bagong mga infestation bago sila kumalat at tuluyang manatili.
- Magsumbong: iulat ang mga invasive species sa lokal na awtoridad.
- Maging maagap: kontrolin at puksain ang mga umiiral na infestation.
- Makilahok: bumuo ng lokal na grupong bantay kontra invasive species

## Wintering Bald Eagles!

Ilang dosenang bald eagles ang karaniwang nagbabakasyon sa taglamig sa paligid ng mga lawa ng Southern California, na dagdag sa ilang residenteng namumugad na bald eagles na nananatili sa buong taon.



Nagiging ganap na puti ang ulo at buntot ng mga bald edagle sa kanilang ikalimang taon. Bago ito magkaibang kayumanggi at puti ang kanilang mga plumahe.

Kapag nangitlog ang mga b ald eagle na namumugad, mahalagang bigyan sila ng puwang na limliman ang mga itlog at palakihin ang kanilang mga anak. Maaaring magsara ang ilang lugar sa paligid ng mga pugad kung malapit ang mga ito sa mga sikat na lugar ng libangan, gaya ng taunang pagsasara sa Fawnskin malapit sa Grays Peak Trailhead. Mangyaring manatili sa labas ng itinalagang lugar ng mga agila para hindi abandonahon ng mga magulang ang kanilang mga itlog o inakay.

## Limang Tuntunin ng Smoky Bear sa Pag-iwas sa Sunog




**1.** Ikaw lang ang makakapigil sa sunog sa kagubatan.

**2.** Laging mag-iingat sa apoy.

**3.** Huwag paglaruan ang mga posporo o lighter.

**4.** Laging bantayan ang inyong campfire.

**5.** Tiyaking ang inyong campfire ay **ganap** na naapula bago ito iwan.

## Nature Scavenger Hunt

**Mahahanap mo ba ang mga bagay na ito habang nasa kagubatan ka?**

- •Tahanan ng isang hayop (Huwag Istorbohin)
- •Plumahe
- •Pugad ng ibon (Huwag Hawakan)
- •Bagay na kinakain ng squirrel
- •Bagay na hindi mula sa kalikasan
- •Matulis na dahon
- •Bagay na magagamit mong kasangkapan
- •Mga bakas ng hayop
- •Matulis na pine cone
- •Makulay na bulaklak
- •Langgam na may binubuhat
- •Insektong may pakpak

I-scan ang QR Code na ito gamit ang iyong mobile device para nakapunta sa https://www.fs.usda.gov/main/sbnf/learning/kids



TIC TAC TOE








EVERY KID OUTDOORS

https://everykidoutdoors.gov/

Magsimula Rito >>>





**Tulungan si Smokey sa maze**

**Ilang salita ang mabubuo gamit ang mga titik ng mga salitang NATIONAL FOREST?**

**Halimbawa: EAR SNAIL**

## Forest Adventure Pass Program

Ang Adventure Pass Program ay nasa ika-25 taon na ngayon sa Southern California National Forests. Noong 1996, nagpasa ang Kongreso ng batas na nagpapahintulot sa Forest Service na maningil ng mga bayarin para sa paggamit ng libangan. Ang mga taong naglilibang sa Southern California National Forests ay kinakailangang bumili ng pass para sa maraming sikat na site sa Forest at ipakita ito sa rear-view mirror ng kanilang sasakyan. Maaaring mabili ang pass sa halagang $5 para arawang pass o $30 para sa taunang pass.

## Ano ang Adventure Pass?

Ang San Bernardino National Forest ay isa sa apat na madalas na binibisita na kagubatan sa Southern California na bahagi ng programa ng Adventure Pass. Ang apat na kagubatan: Ang Angeles NF, Clevelnad NF, Los Padres, NF at San Bernardino NF ay madalas na ginagamit, na nangangailangan ng patuloy na pangangalaga at pagpapanatili ng mga itinalagang dinebelop na mga site sa loob ng kanilang mga hangganan. Ang Adventure Pass ay isang day-use fee na ginawa para sa paggamit ng mga pasilidad at serbisyong sumusuporta sa dami ng mga bisita. Dahil ang mga ito ay mga bayad sa "paggamit" sa libangan at hindi mga bayad para sa "pagpasok" sa pambansang kagubatan, hindi kailangan ng pass sa paglalakbay sa kagubatan osa mga 'insidental' na aktibidad tulad ng paghinto upang kumuha ng litrato, pagbisita sa dinebelop na overlook, o paggamit ng banyo. Ang mga indibidwal na dinebelop na lugar ng libangan (tulad ng mga campground) ay maaaring mangailangan ng hiwalay na bayad sa magdamag na camping. Ang mga pondo mula sa Adventure Pass ay ginagamit para kumpunihin at panatilihin ang maraming trail sa buong San Bernardino National Forest.

NATIONAL FOREST ADVENTURE PASS

## Saan kailangan ang Adventure Pass?

Kailangan ang Adventure Pass kapag ang sasakyan mo ay nakaparada sa ilang piling lugar. Makipag-ugnayan sa pinakamalapit na Ranger Station o sa website ng Adventure Pass para salistahan ng kasalukuyang mga lugar at site na may bayad. Hindi kailangan ang Adventure Pass sa Santa Rosa at San Jacinto Mountains National Monument.

U.S. FEE AREA

## Saan ako makakabili ng Adventure Pass?

Nagbebenta rin ng mga pass ang Ranger Stations, visitor centers, at maraming lokal na negosyo (mga vendor). Puwede kang maghanap ng vendor malapit sa iyo at makakabili ka rin ng mga pass online sa website ng Adventure Pass: **www.fs.usda.gov/adventurepass**

I-scan ang code gamit ang mobile device para makapunta sa amin www.fs.usda.gov/adventurepass

## Pagproseso ng Bayad sa Libangan

I-scan gamit ang iyong mobile device para makapunta sa https://www.fs.usda.gov/detail/r5/passes-permits/recreation/?cid=STELPRD3791132

## Planuhin ang Inyong Bakasyon!

Hanapin ang iyong Recreation Site sa Interactive Map

I-scan ang QR code na ito gamit ang iyong mobile device para makapunta sa www.fs.fed.us/portaldata/r5/ap/map/

## Paano Magbayad ng Abiso ng Kinakailangang Bayad?

Kung nakatanggap ka ng Abiso ng Kinakailangang Bayad (NRF), may 2 opsiyon ka sa pagbabayad ng $5.00:

1) Ipadala sa koreo ang iyong NRF kasama ang tseke o pera sa inilaang sobre.

2) Magbayad sa pamamagitan ng telepono gamit ang credit card sa pagtawag sa 909-382-2623

## Mga Araw na Libre ang Adventure Pass

- Hunyo 12, 2021 National Get Outdoors Day
- Setyembre 25, 2021 National Public Lands Day
- Nobyembre 11, 2021 Veterans Day
- Enero 17, 2022 Martin Luther King Jr. Day
- Pebrero 14, 2022 President's Day

## Mga Interagency Pass

Ang Interagency Recreation Pass Program ay binubuo ng anim na natatanging pass: ang Interagency Annual, Senior, Access, Military, at Volunteer Pass. Ang Golden Age, Senior at Access passes ay hindi kailanman mawawalan ng bisa at ang mga pass na ito ay kinikilala sa buong bansa sa lahat ng Forest Service, National Park Service, Bureau of Land Management, Bureau of Reclamation, at U.S. Fish & Wildlife Service na mga site na naniningil ng bayad sa pagpasok o pangunahng amenidad (mga Adventure Pass, atbp.).

I-scan ang QR Code gamit ang iyong mobile device para makapunta sa Recreation Fees and Passes




Ang **Interagency Annual Pass** ay may bisa na isang taon mula sa petsa ng pag-isyu para sa bayad sa pagpasok o mga pangunahing amenidad (tulad ng Adventure Pass). Wala nang iba pang diskuwento. Nagkakahalaga ng $80.




Ang **Interagency Senior Pass** ay panghabambuhay na pass na magagamit ng mga mamamayan ng U.S. o permanenteng residente na 62 taong gulang o mas matanda. Bilang karagdagan sa mga benepisyong ibinibigay ng Interagency Annual Pass, ang mga may hawak ng Interagency Senior Pass ay maaaring makatanggap ng hanggang 50% na diskuwento sa bayad sa mga campground, nadebelop na mga site, paglangoy, paglulunsad ng bangka, at para sa mga espesyal na interpretive na serbisyo. Ang kasalukuyang gastos ay $20 para sa Taunan o $80 para sa habambuhay.




Ang **Interagency Access Pass** ay panghabambuhay na pass na magagamit ng mga mamamayan ng U.S. o permanenteng residente na may medikal na determinasyon at dokumentasyon ng pagkabulag o permanenteng kapansanan Ang pass na ito ay nagbibigay ng parehong mga benepisyo gaya ng Interagency Senior Pass. LIBRENG pass ito.




Ang **Interagency Military Pass** provides the same benefits as the Interagency Annual Pass. ay nagbibigay ng parehong mga benepisyo gaya ng Interagency Annual Pass. Ang pass na ito ay libre sa mga Beterano, mga active duty na tauhan ng militar, at mga dependent na may wastong pagkakakilanlan – para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.fs.fed.us/passespermits/military.shtml.




Ang **Interagency Volunteer Pass** ay nagbibigay ng parehong mga benepisyo gaya ng Interagency Annual Pass. Ang Volunteer pass ay libre para sa mga boluntaryong nakapag-log in ng 250 oras ng pagboboluntaryo sa isang taon. Ang pass na ito ay makukuha sa pamamagitan ng mga tagapag-ugnay ng programang boluntaryo ng ahensya (tingnan ang pg. 5) na sumusubaybay at nagtatala ng mga oras.




Ang **Every Kid Outdoors Pass (EKO)** Ang 4th Grade Pass ay bahagi ng programang Every Kid Outdoors, isang pagsisikap na ipakilala ang mga kabataan ng America sa labas. LIBRE ang pass na ito sa bawat batang nasa ikaapat na baitang na nakakakuha ng 'paper pass' mula sa website ng Every Kid Outdoors www.everykidoutdoors.gov.

Ang USDA ay isang pantay na oportunidad na provider, employer, at lender

Nalathala Mayo 2021, San Bernardino National Forest. Pinondohan ng Adventure Pass Program.ang publikasyong ito Inilimbag sa niresiklong papel.

R5-RG-270